



lalawigan ng
san diego

mga pool at spa



Gawin Nating Lahat ang Ating Bahagi!

Karamihan sa mga residente ay nagmamalasakit na mapanatiling malinis ang ating mga daanan ng tubig. Sa katunayan, ipinapakita ng mga survey na isinagawa sa buong Lalawigan ng San Diego na **mahigit sa 50% ng mga residente** ang naniniwala na direktang nakakaapekto sa kanila at sa kanilang mga pamilya ang polusyon sa ating mga dagat, lawa, at sapa.

Nandito Kami Para Tumulong.

Ang mga swimming pool, spa at mga dekoratibong fountain ay bahagi ng paraan ng pamumuhay sa San Diego, ngunit kung hindi maayos na mapapanatili, maaari itong magdulot ng problema sa ating mga daanan ng tubig. Ang **Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego** ay sumusuporta sa mga pagsisikap ng mga residente para maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahahalagang **tip sa pagpapanatili ng mga pool at spa.**



Ang tubig na pinapakawala sa mga kalsada, gutter, at mga storm drain sa Lalawigan ng San Diego ay **HINDI PA NALINIS** bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at sa karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay pinagbabawalang makaalis sa inyong pag-aari at mapunta sa mga kalsada o storm drain. Tubig-ulan lang ang pinapayagan sa mga kalsada at mga storm drain.

Ano ang Maaari Ninyong Gawin para Panatiliing Malinis ang Ating mga Daanan ng Tubig?

- **Sundin ang mga instruksyon ng manufacturer** para sa lahat ng kemikal na pang-pool. Para sa karagdagang impormasyon kung saan itatapon ang mga sobrang kemikal, tumawag sa 1-877-R-1-EARTH (1-877-713-2784).
- **Itapon ang** mga likidong basura mula sa mga filter ng pool at spa sa pambahay na sanitary sewer system at itapon ang mga solidong basura mula sa mga pool at spa sa lalagyan ng basura at pagkatapos, banlawan ang filter nang nakasahod sa isang lugar na naka-landscape o sa isang lalagyan.
- **Paagusin ang tubig sa isang naka-landscape o mabatong lugar** na hindi magdudulot ng erosyon ng lupa o pag-agos ng tubig sa storm drain.
- **Paagusin lang ang tubig** sa storm drain kung ang tubig ay napababa na sa mas kaunti sa 1 bahagi kada milyon ng chlorine o bromine, at walang algaecides, acid wash, o mataas na antas ng asin (salinity).
- **Ang mga may-ari ng pool ay may pananagutan** sa mga pamamaraan ng kanilang mga kontraktor. Ibahagi ang mga mahahalagang impormasyon na ito sa mga kakilala ninyong kumpanya na nagpapanatili ng pool.

**Salamat sa pagggawa
ng inyong bahagi para
pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig.**

Tumawag sa Amin para sa mas Maraming Impormasyon.

1-888-846-0800

watersheds@sdcounty.ca.gov

www.sandiegocounty.gov/stormwater